
LEVEL 2

# Leveled Reader

in Filipino


# Si Didi at ang Makulay na Kayamanan



Isinulat ni Rukmini Banerji
Iginuhit nina Pors Socheata at Kaveri Gopalakrishnan
Sinuri ni Mary Ann C. Macaranas



May mga namumuhay na bata sa gilid ng isang lungsod. Nakatira sila malapit sa isang malaking tambakan ng basura. Napakalaki ng basurahang ito, na kasinlawak ng hanggang sa kayang makita ng iyong mga mata.



Hindi nag-aaral ang mga batang ito sa paaralan. Namumulot sila ng mga bote, plastik, at maliliit na piraso ng tela. Pinupulot nila ang lahat ng maaaring mapakinabangan.



Isang araw, pumunta si Didi
sa tambakan. Mayroon siyang
pulang bandana. Tiningnan ni
Didi ang mga bata. Pagkatapos,
naghanap siya ng lugar na
mauupuan. Binuksan niya ang
kaniyang bag at may kinuha.



Nagsilapit ang mga bata kay Didi. May dala-dalang makukulay na aklat si Didi. Naglalaman ng mga kuwento ang mga aklat. Lalong lumapit ang mga bata nang makita ang mga aklat.



Araw-araw nang bumibisita si Didi. Tumitigil sa paglalaro ang mga bata kapag dumarating na siya. Umuupo sila sa tabi niya at nakikinig ng mga kuwento.

Hindi nagtagal, nakababasa na sila ng ilang titik at salita. Hanggang nakababasa na rin sila ng mga kuwento nang mga sumunod na araw.



Dahil sa kasiyahan ng mga bata, inayos nila ang lugar kung saan madalas magbasa ng kuwento si Didi. May nagdala ng upuan mula sa basurahan. May nagdala pa ng karpet at inilatag sa sahig. May nagdala rin ng mga kurtina. Naging maganda ang lugar.



Isang araw, hindi dumating si Didi. Hindi rin siya dumating nang sumunod na araw. Patuloy na naghintay ang mga bata. Sabik na sabik na sila kay Didi. Sila na ang kusang nagbabasa ng mga aklat. At binabasa rin nila ang mga aklat sa bawat isa.



Nakita ng isang bata ang tirahan ni Didi sa isang aklat. Umalis sila upang hanapin siya. Dinala nila ang isang bag ng mga aklat. Kaya na ring basahin ng mga bata ang pangalan ng bus. Hinanap nila ang numero ng bahay at pangalan ng kalsada na tinitirahan niya. Kaya nila itong gawin lahat dahil itinuro ito ni Didi sa kanila.



Hinanap ng mga bata ang kaniyang bahay. Tinitingnan nilang mabuti ang bawat daanan. Subalit hindi nila ito makita. Nang pabalik na sila, may nakakita ng isang pulang bandana. Nakasabit iyon sa labas ng bintana.



Naroon at nakahiga si Didi sa kama. Mukha siyang may sakit na malubha. Malungkot ang kaniyang mga mata at hindi siya ngumingiti. Nabigyan na siya ng gamot ng doktor ngunit hindi pa rin siya gumagaling.



Tumakbo papunta kay Didi
ang mga bata. Niyakap siya
at hinalikan. Dinala nila ang
kaniyang mga libro. Umupo si Didi
at binasahan siya ng mga bata.
Sumigla si Didi. Nagningning ang
kaniyang mga mata at bumalik
ang kaniyang ngiti.



Ngayon, araw-araw na muling nagkikita sa tambakan sina Didi at mga bata. Makikita mo sila tuwing gabi. Maririnig mo silang nagtatawanan. Maririnig mo silang nagbabasa. Masasabi mong nagkakasayahan sila ang mga bata — si Didi, at ang mga libro.

DepED
DEPARTMENT OF EDUCATION
USAID
FROM THE AMERICAN PEOPLE
RTI INTERNATIONAL
The Asia Foundation